

**KAGAWARAN NG MGA LINGKURANG PANGKALUSUGAN  
AT PANTAO NG LUNGSOD NG LONG BEACH  
(DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES)  
KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN (HEALTH OFFICER)**

**KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA  
PAGKONTROL NG COVID-19**

Kautusang Emergency na Pagbubukod para sa Pampublikong Kalusugan  
(Public Health Emergency Isolation Order)

Petsa ng Pag-isyu ng Kautusan: May 7, 2020

May bisa ang Kautusang ito hanggang ipawalang-bisa sa pamamagitan  
ng kasulatan ng Opisyal ng Kalusugan.

Buod: Binabago, ipinahahayag, at pinapalitan ng na-update na Kautusan ng Pagbubukod o Paghihiwalay (Isolation Order) ang dating Kautusan ng Pagbubukod na inisyu ng Long Beach Health Officer mula Marso 31, 2020. Ang mga pagbabago sa Kautusang ito ay inilaan upang magkatugma sa gabay sa Center for Disease Control (CDC) para sa may kaugnayan sa komunidad na exposure sa COVID-19, na nagbabago sa panahon ng panganib ng pagkaka-expose mula sa "pagsisimula ng mga sintomas" hanggang sa "48 oras bago magsimula ang sintomas." Binago din ng Kautusang ito ang panahon ng paghihiwalay o pagbubukod mula sa 7 araw pagkatapos ng simula ng sintomas hanggang 10 araw pagkatapos ng simula ng sintomas.

Ang California ay nasa isang State of Emergency dahil sa pandemya ng COVID-19. Ang pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) ay isang malaking panganib sa pampublikong kalusugan sa loob ng Lungsod ng Long Beach. Ang COVID-19 ay madaling kumalat sa pagitan ng mga taong malapit sa isa't isa. Ang bawat tao ay nanganganib na magkasakit ng COVID-19, ngunit ang ilang mga tao ay mas madaling kapitan ng malubhang sakit, kabilang ang pulmonya at pagpalya ng organo, pagkamatay, dahil sa kanilang edad, pisikal na kalagayan, at/o katayuan sa kalusugan. Sa kasalukuyan, walang bakuna na magagamit upang maprotektahan laban sa COVID-19 at walang tiyak na paggamot para sa mga sintomas nito.

Upang makatulong na mapabagal ang pagkalat ng COVID-19, maprotektahan ang mga mahihinang indibidwal, at maiwasan ang sobrang pagkapuno ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Long Beach, kinakailangan hilingin ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach (Health Officer) na ihiwalay ang mga taong nasuri na mayroon o malamang magkaroon ng COVID-19.

**SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG MGA BATAS SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN  
NG CALIFORNIA SEKSYON (CALIFORNIA HEALTH AND  
SAFETY CODE SECTIONS) 101040, 101085, 120175, 120215, 120220, AT 120225  
INAATASAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG LUNGSOD NG LONG BEACH:**

**Ang lahat ng mga indibidwal na nasuri na may o malamang na magkaroon ng COVID-19 na dapat ihiwalay ang kanilang sarili. Kinakailangang sundin ng mga taong ito ang lahat ng mga tagubilin sa Kautusang ito at ang Pampublikong Kalusugan na gabay na tinutukoy ng Kautusang ito.**

---

*Mga Kinakailangan sa Pagbubukod ng mga Indibidwal na Nasuri na Malamang Magkaroon ng COVID-19*

---

○

**Dapat agad gawin ng lahat ng mga indibidwal na nasuri o malamang na magkaroon ng COVID-19 ang mga sumusunod na aksyon:**

1. Ihiwalay ang kanilang mga sarili sa isang tirahan hanggang sa:
  - a. Hindi bababa sa 3 araw (72 oras) ang lumipas mula sa paggaling, na natukoy na pagkawala ng lagnat nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat at pagbuti ng ubo, pagkahingal, at iba pang mga sintomas, AT
  - b. Hindi bababa sa 10 araw mula sa unang araw ng paglitaw ng mga sintomas, alinman sa huli.

Hanggang sa gumaling ang indibidwal at hindi bababa sa 10 araw mula nang unang paglitaw ng mga sintomas, alinman ang mas huli, ang nahiwalay na indibidwal ay maaaring hindi paalisin sa lugar ng kanilang isolasyon o pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar, maliban kung tumatanggap ng kinakailangang pangangalagang medikal.

2. **Maingat na suriin at maingat na sundin ang lahat ng mga “Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay Para sa Mga Taong May Coronavirus-2019 na Impeksyon” (Home Isolation Instructions for People with Coronavirus-2019 (COVID-19) Infection,)** na makukuha sa [Ingles](#) at [Espanyol](#).
3. **Pagsabihan ang mga kontak sa sambahayan, matalik na (mga) kasama, ang kanilang (mga) tagapag-alaga/caregiver (s) at iba pang mga tao na nagkaroon ng malapit na kontak o pakikipag-ugnay 48 oras bago magsimula ang mga sintomas o habang sila ay nakaranas ng sintomas (iyong malapitang mga pakikipag-ugnay) na kinakailangan nilang i-quarantine ang kanilang mga sarili.**
4. **Sumangguni tungkol sa mga malapit na kontak sa “Gabay ng Quarantine sa Bahay para sa mga Nagkaroon ng Malapit na Kontak o Pakikipag-ugnay sa Coronavirus na Sakit 2019” (Home Quarantine Guidance for Close Contacts to Coronavirus Disease 2019 (COVID-19))** na dokumento, na makukuha sa [Ingles](#) at [Espanyol](#). Inilarawan ng dokumentong ito ang mga hakbang na dapat gawin ng mga malapit na kontak upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga hakbang na inilarawan sa dokumentong ito ay kinakailangan dahil ang malalapit na mga kontak ay malamang na-expose sa COVID-19 at, kung nahawahan, madaling maikalat ang COVID-19 sa iba, kahit banayad lamang ang kanilang mga sintomas o walang sintomas.

Mayo 7, 2020

Pahina 3

**Kinakailangan ng mga indibidwal na ihiwalay ang kanilang sarili dahil sila ay mayroon o malamang na magkaroon ng COVID-19. Ang paghihiwalay sa sarili (self-isolation) ay agad kailangan kung ang isang tao ay may isa o higit pang mga sumusunod na kadahilanan:**


- a. Isang positibong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19;
- b. Mga palatandaan at sintomas na tumutugma sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw ng pagkakaroon ng malapit na kontak o ugnayan sa isang taong nagkaroon o pinaniniwalaang nagkaroon ng COVID-19; O
- c. Sinabihan ng doktor ang isang indibidwal na malamang na magkaroon sila ng COVID-19.

Kinakailangan ng mga taong ito na ibukod ang kanilang mga sarili dahil ang isang taong nahawaan o malamang na magkaroon ng COVID-19 ay madaling maikakalat ang virus sa iba. Ang pagbubukod ay naghihiwalay ng mga may sakit na indibidwal mula sa iba upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Ang Kautusang ito ay nagprotektta sa lahat, kabilang ang mga taong may mataas na peligro na magkaroon ng malubhang sakit, tulad ng mga matatanda at mga taong may mahinang immune system.

Maaaring gumawa ng karagdagang aksyon (mga) ang Opisyal ng Kalusugan kapag hindi sumunod sa Kautusang ito, kabilang ang detensyong sibil o ang pagpapanatili sa isang pangkalusugang pasilidad o ibang lokasyon, upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko kung ang isang indibidwal na dapat saklaw ng Kautusang ito ay lumabag o nabigong sundin ang Kautusang ito.

Ang paglabag sa Kautusang ito ay isang maliit na kasalanan (misdemeanor) o may kaparusahan ng pagkabilanggo, multa o pareho sa ilalim ng Batas sa Kalusugan ng California at Seksyon 120275 et seq. (California Health and Section Code Section 120275 et seq). Dagdag pa, alinsunod sa Seksyon 41601 ng Batas ng Pamahalaan ng California (California Government Code), hinihiling ng Opisyal ng Kalusugan na tiyakin ng Hepe ng Pulisya sa Lungsod ng Long Beach ang pagsunod at pagpapatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay nagsisilbing isang napipintong banta at lumilikha ng isang agarang kapahamakan sa kalusugan ng publiko.

IPINAG-UUTOS:



Anissa Davis, MD, DrPH,  
Opisyal ng Kalusugan (Health Officer), Lungsod ng Long Beach  
Petsa: Mayo 7, 2020